SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG OKTUBRE 13, 2025, LUNES, IKA-09:15 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jericho V. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECEIVED 21 OCT 2025 Santa Cruz, Laguna

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RELEASED 21 OCT 2025 Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 360- T2025**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 21-T2025 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 03-T2025 NA NAGBABAGO NG ANNUAL INVESTMENT PLAN (AIP) NG BARANGAY PATIMBAO, SANTA CRUZ, LAGUNA PARA SA TAONG 2025 UPANG ISAMA ANG PROYEKTONG CLOSED-CIRCUIT TELEVISION (CCTV) NA MULA SA REALIGNMENT NG BDRRMF AT PAGGAMIT NG TRUST FUND NG BARANGAY.**

**SPONSOR: KGG. RIZALDY N. KALAW**

**SAPAGKAT**, may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Patimbao na magbago ng Annual Investment Plan (AIP) para sa taong 2025 upang isama ang proyektong CCTV na mula sa realignment ng BDRRMF at Paggamit ng Trust fund ng barangay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 21-T2025 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 03-T2025;

**SAPAGKAT,** layunin ng Sangguniang Barangay ng Patimbao na makapaglagay ng Closed-Circuit Television (CCTV) sa mga pangunahing lugar ng barangay para sa seguridad at kaligtasan ng mga mamamayan nito;

**SAPAGKAT**, ang nasabing kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT,** matapos ang pag-aaral ay ipinasiya ng mga lupon na pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan ng lahat ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 21-T2025 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 03-T2025 na nagbabago ng Annual Investment Plan (AIP) ng Barangay Patimbao, Santa Cruz, Laguna para sa taong 2025 upang isama ang proyektong Closed-Circuit Television (CCTV) na mula sa realignment ng BDRRMF at Paggamit ng Trust Fund ng barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Administrador, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran at Sangguniang Barangay ng Patimbao, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Oktubre 13, 2025**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**AMYCAR O. SANTOS**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. JOSEPH KRIS BENJAMIN B. AGARAO**
Punong Bayan